Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 8-13

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-4 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Gumanap na Pang. Punong Bayan/Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ........ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ........... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ........... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ........ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 182-T'99

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. GUMAGANAP NA PUNUMBAYAN HEIDI S. CIRIACO NA ATASAN ANG PAMBAYANG INHINYERO NA MAKAPAGSAGAWA NG PAG-IINSPEKSYON/PAGSUSURI SA TULAY NA NAG-UUGNAY SA BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL AT BARANGAY CALLIOS NA MALAPIT SA DATING TANGGAPAN NG BUREAU OF FISHERIES AND AQUATIC RESOURCES UPANG MALAMAN ANG KALALAGAYAN NITO AT TULOY MAKAPAGHANDA NG "PROGRAM OF WORKS" UKOL DITO.**

**SAPAGKA'T,** sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 87-T'99 ng Sang. Barangay ng Santo Angel Central ay kanilang hiniling sa sangguniang ito na maipagawa ang daang pantao na nag-uugnay sa Brgy. Callios at Brgy. Santo Angel Central;

**SAPAGKA'T,** ang kahilingang ito ay bunsod ng kanilang layunin na magkaroon ng maayos na tawiran ng tao;

**SAPAGKA'T,** lubhang mahirap lalo na sa mga bata/mag-aaral na tumawid at bagtasin ang kaputikan ng daan lalo na't dumarating ang tag-ulan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kgg. Gumaganap na Punumbayan Heidi S. Ciriaco na atasan ang Pambayang Inhinyero na makapagsagawa ng pag-iinspeksyon/pagsusuri sa tulay na nag-uugnay sa Brgy. Santo Angel Central at Brgy. Callios na malapit sa dating tanggapan ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources upang malaman ang kalalagayan nito at tuloy makapaghanda ng "program of works" ukol dito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Gumaganap na Punumbayan at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Gumanap na Pang. Punong Bayan
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

HEIDI S. CIRIACO
Gumaganap na Punong Bayan

8/10/09

IIANE BAYAN E

8-13